
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**




# MODYUL 7

## ANG PAGLAGANAP NG KOLONYALISMO AT SIMULA NG IMPERYALISMO SA ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 7

## ANG PAGLAGANAP NG KOLONYALISMO AT SIMULA NG IMPERYALISMO SA ASYA

Sa dahilang marami ang mga magagandang naging ulat ng mga Europeong nakapaglakbay sa rehiyon ng Asya at tuwiran nilang naobserbahan ang mahusay na produksyon ng seda, pagtatanim ng palay, at paggawa ng mga aklat, armas, at sasakyang pandagat, maging ang mga modelong estado gaya ng mga Imperyo ng Tsino at Hapon ay naging motibasyon para sa kanila na ipagpatuloy ang pagpapalaki ng kanilang mga sakop sa rehiyon ng Asya.

Ang unang bahagi ng kanilang panggagalugad kung ating susuriin sa ating makabagong pananaw ay panahon din ng pagtuklas ng mga Kanluranin sa kanilang sarili sa aspetong pangkulturang pamumuhay, pagbabalanse ng kanilang mga paniniwala, at pagsusuri ukol sa kanilang mga katutubong kaalaman ukol sa mundo, sa tao, at sa hinaharap.

Ipinagpatuloy nila ang pagtuklas sa mga yamang-mineral ng Asya at pagpapairal ng sistemang merkantilismo upang patuloy nilang pagkunan ng mga hilaw na materyales ang mga bansa sa Asya at ikonberto ang mga ito bilang malaking pamilihan ng kanilang mga sobrang produkto gawa.

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Iba't Ibang Mukha at Teorya ng Imperyalismo
- Aralin 2: Ang Paghahati ng Asya
- Aralin 3: Resulta at Epekto ng Imperyalismo sa Asya

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalarawan ang iba't ibang mukha at teorya ng imperyalismo sa Asya;
2. Maipaliliwanag ang dahilan ng paglaganap ng imperyalismo sa Asya;

3. Maitituro sa mapa ang mga bansang Asyano na naapektuhan nang lubusan ng imperyalismo;
4. Mailalarawan ang mga pagbabagong dulot ng imperyalismo sa aspetong kultural, pulitikal, at ekonomikong pamumuhay ng mga Asyano; at
5. Masusuri ang resulta at epekto ng imperyalismo sa pamumuhay at pangkabuhayan ng mga Asyano.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay isang teritoryo na direktong pinangangasiwaan ng isang imperyalistikong bansa
   A. Protectorate
   B. Colony
   C. Sphere of influence
   D. Civilizing mission

2. Isang uri ng pananakop na kung saan ang kolonya ay mayroong sariling pamahalaan nguni't tinutulungan at indirektong pinangangasiwaan ng pamunuan ng bansang mananakop
   A. Sphere of influence
   B. Protectorate
   C. Civilizing Mission
   D. Colony

3. Isang uri ng pananakop na kung saan ang isang rehiyon o bahagi ng bansang sinakop ay mayroong ekslusibong investment o karapatan sa kalakalan ang bansang mananakop

   A. Civilizing Mission

   B. Protectorate

   C. Colony

   D. Sphere of Influence

4. Ang mga estado ng Tsina ay itinuturing ng mga Europeo na modelong estado dahil sa

   A. May mga epektibong lokal na pinuno

   B. Pagkakaroon ng serbisyong kagalingan

   C. Disiplinadong mamamayan

   D. Pagpapahalaga sa kalinisan at kapayapaan

5. Isang simpleng proseso ng pagpupunyagi ng mga malalakas at malalaking nasyon-estado na dominahan, sakupin at gamitan ng lakas ang mga mahihina at maliliit na nasyon-estado

   A. Nasyonalismo

   B. Imperyalismo

   C. Kolonyalismo

   D. Komunismo

6. Teoryang ipinalaganap ng mga Ingles na nangangahulugan ng pagpapataas ng antas ng sibilisasyon ng mga katutubong sinakop

   A. Culture system

   B. Ethical Policy

   C. Civilizing Mission

   D. Imperyalismo

7. Mga sundalong Hindu na nag-alsa noong 1857-59 laban sa mga awtoridad na Ingles
   A. Sepoy
   B. Shiite
   C. Hindu patriot
   D. Sikh

8. Isang sikretong organisasyon ng mga Tsino na may malaking galit sa mga Kristiyanong Tsino at mga dayuhang mananakop ay kilala sa tawag na
   A. Kung Fu masters
   B. Samurais
   C. Boxers
   D. Sumo wrestlers

9. Ang kasunduan na nagbigay daan sa tuwirang pananakop ng Amerika sa Pilipinas
   A. Kasunduan sa Vienna
   B. Kasunduan sa Venice
   C. Kasunduan sa Ghent
   D. Kasunduan sa Paris

10. Mga nakapag-aral at makapangyarihang pangkat sa lipunang Asyano na naging daan sa lubusang pagpasok ng mga ideya at kulturang dayuhan
    A. Ilustrado
    B. Burgis
    C. Pensionado
    D. Iskolar

11. Napakalaki ng naging epekto ng kolonisasyon sa Asya maliban sa
    A. Pagpapatayo ng mga paaralan
    B. Naging pamilihan ng mga hilaw na materyal

C. Pagsasarili
D. Pagtatatag ng mga organisasyon ukol sa paglaban sa mga mananakop

12. Kinilala siya bilang Empress Dowager sa Tsina at naging pangunahin siya sa pagsuporta sa pagpapaalis sa mga dayuhan at pagkakaroon ng modernisasyon sa Tsina

A. Ci Xi
B. Confucius
C. Lao Tse
D. Tu Fu

13. Gobernador o kinatawan ng mga maharlika na nangangasiwa sa East India Company

A. Heneral
B. Pangulo
C. Viceroy
D. Ministro

14. Amerikanong Commodore na nakipagkasundo sa Shogun ng Hapon upang magbukas ng kalakalan sa pagitan ng Hapon at Amerika

A. George Dewey
B. Matthew Perry
C. Douglas MacArthur
D. Henry Wainright

15. Kilala siya bilang “Enlightened Emperor” sa Hapon

A. Mustsuhito
B. Hirohito
C. Matsukuhito
D. Naruhito

**ARALIN 1**

**ANG IBA’T IBANG MUKHA AT TEORYA NG IMPERYALISMO**

Ang salitang imperyalismo ay isang salitang Latin na nagpasimulang gamitin sa panahon ng pananakop ng Imperyong Roma. Ang imperyalismo ay nangangahulugan ng dominasyon ng isang makapangyarihang nasyon-estado sa aspektong politika, pangkabuhayan at kultural na pamumuhay ng isang mahina at maliit na nasyon-estado. Sa loob ng dalawang libong taon, ang Imperyong Roma ay nakontrol ang halos kabuuan ng Mediterranean. Bago matapos ang ika-18 siglo, ang ilan sa mga bansang Europeo at ang Estados Unidos ay nagpasimulang mag-kontrol ng ibang mga bansa sa lupalop ng Asya, Aprika at Latin Amerika. Ang panahon mula 1800 hanggang 1914 ay naging kilala bilang Panahon ng Imperyalismo.

Ang imperyalismo noong ika-18 siglo ay naging resulta ng tatlong pangunahing salik. Una, dahil sa udyok ng nasyonalismo, nais ng mga nasyon sa Europa na magkaroon ng malawak na kapangyarihan upang labanan ang kanilang mga karibal na mga bansa. Ikalawa, dulot ng Rebolusyong Industriyal, nangangailangan ng mga hilaw na materyal na pagkukunan at pamilihan na laglagan ng mga produktong yari na gawa mula sa kanila kaya sila ay nagpalawak ng kanilang mga teritoryo. Ikatlo ang paghahangad na ipakilala ang kanilang superyor na kultura, relihiyon at paniniwala sa iba pang mga bansa sa mundo.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang katuturan ng imperyalismo;
2. Masusuri ang mga salik na nag-udyok ng paglaganap ng imperyalismo;
3. Maipapakilala ang iba’t ibang teorya na ginamit at binuo ng mga mananakop upang bigyan ng patotoo ang kanilang ginawang pananakop;
4. Mapaghahambing ang iba’t ibang anyo ng imperyalismo; at
5. Makapaglilista ng halimbawa ng mga hilaw na materyal na pinakinabangan ng mga bansang mananakop sa kanilang industriyalisasyon.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo**

Suriin at bigyan ng sariling interpretasyon ang ipinakikita ng *cartoon* na iyong nakikita. Maaring isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.



**Ang Pampulitikang Kompetisyon**

Noong gitnang bahagi ng ika – 18 dantaon, karamihan sa mga bansa sa lupalop ng Europa ay naghangad na magkaroon ng sariling mga kolonya sa mga lupalop ng Asya at Aprika. Naging bahagi ito ng kanilang paghahangad sa kapangyarihan at pagtatatag ng mga pamahalaang pinatatakbo ng mga dayuhang mananakop. Nagtago sila sa pagpapaniwala sa mga bansa sa Asya at Aprika na ang kanilang pamumuno ay magtuturo sa mga ito ng mga makabagong pamamaraan ng pagpapatakbo ng kanilang mga pamahalaan, ng pagsasarili at malaking tulong na magkaroon ng nagsasariling pamahalaan. Ito ang naging dahilan ng patuloy na pagpapalawak ng kanilang mga teritoryo sa iba't ibang bahagi ng Asya at Aprika at tuluyang paghahangad na ito'y maging bahagi ng kanilang lupain.

**Paghahangad sa Pagkakaroon ng Bagong Pamilihan**

Ang Rebolusyong Industriyal noong ika-18 dantaon ay naging salik sa paghahanap ng mga bansa sa Europa at Hilagang Amerika na maghanap ng mga pamilihan na magiging laglagan ng kanilang mga produktong ginawa. Sa maraming produkto na kanilang ginawa ay kinakailangan nila ng pagtatayuan ng mga bagong pabrika na kailangan ang mga hilaw na materyales na sa mga bansang kanilang sakop lamang libreng makukuha.

Ang mga produktong gaya ng *rubber, copper* at ginto ay nanggaling sa Aprika, bulak at *jute* sa India, at *tin* sa Timog Silangang Asya. Ang mga hilaw na materyales na ito ay nakatulong sa pagpapalaki at pagpapalago ng mga industriya sa Amerika at sa Europa. Ang ilan pa sa mga karagdagang produkto na nakilala sa pamilihang pang-internasyonal ay ang saging, dalandan, melon at mga prutas na karaniwang sa Asya lamang matatagpuan. Ang mga mamamayan sa Paris, London at Berlin ay natutong uminom ng tsaa, tsokolate, at kape kasabay ng kanilang mga pagkain at gumamit ng mga sabon na nanggaling sa *palm oil* ng Aprika at langis ng niyog sa Asya.

Nagsilbi ring bagong pamilihan at laglagan ng mga produkto ng Kanluranin ang kanilang mga bansang nasakop. Naging tagapagluwas ng mga hilaw na materyal ang mga bansang sakop samantalang ang pagbubuo ng mga ito ay ginagawa sa mga pabrika ng mga Kanluranin na bansa. Ganito ang naging kalakaran sa napakahabang panahon kaya nanatili ang pagdepende sa mga produkto ng magkabila lalo na sa pagpapaparami at pagpapalaki ng produksiyon.




**Ang kolonisasyon ay nagsilbing paraan upang pakinabangan ng mga taga-Kanluran ang mga hilaw na materyalna matatagpuan sa Asya.**

### Paghahangad ng Panibagong Oportunidad


Dahil sa paghahangad ng mga taga-Kanluran ng mas malaki pang oportunidad sa kanilang mga kolonya kaya hinimok nila ang kanilang mga mamamayan na maglakbay tungo sa mga bansa sa Asya at Pasipiko. Binigyan nila ng pagkakataon na mag-ari ng mga lupain ang mga ito sa kanilang mga kolonya, patakbuhin ang pamahalaang itinatag at pamunuan ito at kontrolin ang mga paaralan at ekonomiya ng mga kolonya. Dahil dito ay nagpatuloy ang mga patakarang kolonyal at naitatatag ang mga institusyong kolonyal na mag-iiwan ng tatak  sa pamumuno ng mga bansang Kanluranin gaya ng Gran Britanya at Amerika. Tignan ang karikatura sa ibaba ito ay isang pagpapatunay ng oportunidad na paghahangad ng Gran Britanya na ang simbolo ay ang leon at ang Amerika na sinisimbolo naman ng agila.




### *Civilizing Mission*

Ang patuloy na paglalakbay ng mga Europeo tungo sa lupalop ng Asya ay hindi dahil sa pang-ekonomiyang kadahilanan lamang kundi para magturo ng bagong paniniwala sa mga katutubo at ikonberto sila sa bagong paniniwala. Pinaniniwalaan ng mga Europeong misyonero na sila’y mayroon misyong dapat gawin sa mga katutubong Asyano sa aspekto ng sosyo-kultural. Naniniwala sila na mataas ang kanilang kalinangan sa kanilang mga kolonya kaya dapat lamang na ituro sa mga mamamayan nito ang mga pagbabago para sila ay ituring na mga *sibilisado.*

Sa pamamagitan ng relihiyon, edukasyon at lenguahe ay unti-unting itinuro ng mga mananakop ang bagong kultura na nang lumaon ay naging dominante sa mga lipunan sa dahilang maraming mga nakapag-aral na katutubo ang naging kasangkapan sa pagpapalaganap nito. Ito'y itinuro sa kanilang mga anak at salin-lahi kaya ang nakaraang pamumuhay ay nalimutan na nila at sila'y nagbihis ng bagong anyo sa aspektong sosyo-kultural. Mas nagkaroon ng pagpapahalaga ang mga asimiladong katutubo sa mga naiambag ng mga dayuhan at mga itinuturo ng mga ito kaysa ang pagpapanatili at pahalagahan ang dati nilang kaalaman.Ito'y kanilang pinaniwalaan na bahagi ng madilim nilang nakaraan.








**I**

**ba't ibang Anyo ng Imperyalismo**

Ang mga imperyalistang bansa ay gumamit ng iba't ibang pamamaraan upang makakuha ng bagong lupain. Minsan sila ay gumagamit ng mga kasunduan, binibili ang mga lupain mula sa dating mga mananakop o kaya simpleng sinasakop ang isang lupain sa pamamagitan ng puwersang militar.

Ang mga imperyalistang bansa ay may iba't ibang anyo sa pamamaraan ng pagkontrol sa kanilang mga teritoryo. Ang una ay tinatawag na *colony*, kung saan ay direktang kinokontrol at pinamamahalaan ng imperyalistang bansa ang kanyang sakop na bansa gaya ng ginawa ng Espanya sa Pilipinas, Britanya sa India at Pransiya sa dating Indo-Tsina. Ang *protectorate* ay mayroong sariling pamahalaan nguni't ang mga patakaran at kautusan ay dinidirekta ng imperyalistang bansa lalo na sa patakarang panlabas gaya ng ginawa ng Amerika sa Pilipinas, Britanya sa Hongkong at Portugal sa

Macau. Ang *sphere of influence* naman ay may kaugnayan sa mga *investment at trading rights* ng isang imperyalistang bansa sa isang rehiyon ng bansa gaya ng ginawa sa Tsina ng Britanya, Hapon, at Pransiya.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sa iyong palagay, ang imperyalismo ba ay totoong nagbigay ng magandang kinabukasan at pag-asa sa mga bansang sinakop? Pangatwiranan.



**Tandaan Mo!**

- Ang imperyalismo ay nangangahulugan ng dominasyon ng isang makapangyarihang nasyon-estado sa aspetong pampulitika, pangkabuhayan, at pangkultura na pamumuhay na isang mahina at maliit na nasyon-estado.
- Ang imperyalismo ay dulot ng tatlong pangunahing salik: nasyonalismo, Rebolusyong Industriyal at paniniwalang ang kultura ng mananakop ay mas superyor kaysa mga bansang sinakop.
- Ang tatlong pangunahing anyo ng imperyalismo ay ang: *colony*, direktang pinamamahalaan ng imperyalistang bansa ang kolonya; *protectorate,* ang imperyalistang bansa ay nagbibigay direksiyon sa patakarang panlabas at pamahalaan ng kolonya at ang *sphere of influence*, ang isang rehiyon ng bansa ay eksklusibong may pamumuhunan o *trading rights* ang imperyalistang bansa.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gumawa ng isang maikling saknong ng tula ukol sa iyong sariling pananaw o pakahulugan ng salitang Imperyalismo.

**ARALIN 2**

**ANG PAGHAHATI NG ASYA**




Ang pakikipagkalakalan, pagpapalaganap ng panibagong paniniwala at pilosopiya ay ilan lamang sa naging mga pangunahing dahilan ng pananakop ng mga bansang Kanluranin sa Asya. Upang lalong mapatatag ang kanilang kapangyarihan sa pangkabuhayan at pulitikal na pamumuhay ng mga bansang Asyano ay tuluyan ng sinakop at hinati ng mga Imperyalistang mananakop ang Asya.

Ang mga *British* ay pangunahing kinontrol ang kalakalan sa India nguni't ang kanilang pananakop ay naging daan sa pag-usbong ng nasyonalismong magpapabagsak sa kanilang rehimen sa India sa tulong ng Rebelyong Sepoy at pagtatatag ng sariling republika. Hindi lamang ang India ang sinakop ng Gran Britanya sa Asya kundi maging ang Tsina. Pumasok sa mga di makatotohanang kasunduan ang Tsina hanggang sa ito'y naging *spheres of influence* ukol sa kalakalan ng mga bansang Gran Britanya,Pransiya, Alemanya, Rusya at Hapon. Inilunsad ang *Boxer Rebelyon* upang patalsikin ang mga dayuhan at Kristiyanong nais na magpalaganap ng bagong kaisipan at pamamaraan ng pangkabuhayan sa Tsina. Noong taong 1911 ay nagwakas ang pamumuno ng rehimen dinastiyang Tsino at ang bagong republika ay isinilang sa tulong ng pamumuno ni *Sun Yat Sen.*

Ang Hapon ay nagkaroon ng panahon ng seklusyon o di pakikipagkalakalan sa mga dayuhan sa pamamagitan ng pagbubukas lamang ng apat na daungan na magsisilbing laglagan ng mga produkto ng mga dayuhan. Pumasok sila sa panahon ng pagsasarili tungo sa industrialisasyon sa panahon ng pamumuno ng mga *Meiji leaders*.

Ang mga bansa sa Timog Silangang Asya ay patuloy na sinakop ng mga bansang Kanluranin gaya ng Britanya, Espanya at ng Olandiya sa aspektong pangkabuhayan, pulitika at pamumuhay ng mga tao.



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:


1. Maipaliliwanag ang mga salik na nagbigay daan sa paghahati ng Asya sa ilalim ng pamumuno ng mga dayuhang mananakop;
2. Makikilala ang mga naging pangunahing Asyanong pinuno na naglunsad ng mga pagtutol sa pananakop;
3. Maituturo sa mapa ang mga bansang Asyano na sinakop ng mga bansang Kanluranin;
4. Masusuri ang mga pangunahing epekto ng pananakop sa lipunang Asyano; at
5. Makapagbibigay ng sariling kuru-kuro ukol sa naging epekto ng pananakop sa karanasan ng mga Asyano.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Lagyan ng tanda ang mga bansang Asyanong naging bahagi ng pananakop sa mapa ng Asya sa ibaba.

Tsina Hapon Pilipinas Indonesia India Burma (Myanmar)



## Ang mga British sa India

Ang pagsisimula ng panggagalugad ng mga bansang Europeo ang nagtulak upang magkaroon ng pagkakataon ang Britanya na kontrolin ang kalakalan sa India. Sa pamamagitan ng pagtatatag ng *East India Company* ay nakontrol ng mga British ang kalakalan ng ruta tungo sa India. Ito ang naging dahilan sa pagiging mayaman ng nabanggit na kumpanya at nagdala ng malaking kita sa imperyo at sa mga mangangalakal na naging bahagi ng kalakalan. Dahil sa malaking kita na tinatanggap ng kompanyang British sa kalakalan ay nagkaroon ito ng ka-kumpetensiyang bansa ang Pransiya. Itinatag ng Pransiya ang *French East India Company* nguni't ito'y hinadlangan ng mga British sa pamamagitan ng *Battle of Plassey* noong 1757 na kung saan ay natalo ang mga Pranses. Hindi lamang ang kalakalan ang kinontrol ng mga British kundi nagpasimula na rin silang magpasok at magturo ng mga kultural na pagbabago sa India. Isang grupo ng mga kawal sa India o kilala sa tawag na *Sepoy* ang nag-alsa upang tutulan ang pagsisimula ng pag-impluwensiya ng mga British sa kanilang pamumuhay. Nguni't may mga ilang datos din ang nagpapatunay na ang pinakadahilan ng pag-aalsa ay ang paniniwala ng mga *Sepoy* na binubuo ng mga Hindu at Muslim na sundalo na ang grasa sa kanilang mga baril ay hinaluan ng langis na mula sa baka at baboy. Nang panahon na iyon ang pagkakasa ng baril ay di sa kamay lamang kundi kinakagat pa ito bago maikasa. Samakatwid sa kanilang pagkagat ay mapupunta ito sa kanilang mga bibig at ang baka para sa mga Hindu ay sagrado samantalang ang baboy ay pinagbabawal na kainin sa mga Muslim kaya ito'y taliwas sa kanilang mga pananampalatayang Hinduismo at Islam. Kaya ang nasabing usapin sa pag-aalsa ay ukol sa pananampalataya at panlipunang pamumuhay ng mga taga-India.




Ang nasabing pag-aalsa ay umabot ng dalawang taon bago tuluyang nasugpo at naging daan sa lalong paghihigpit ng pamahalaang Britanya sa India. Taong 1858 ay tinanggal ang *East India Company* at naglagay ng *viceroy* o isang gobernador na itinalaga ng hari ng Britanya upang maging kinatawan sa pamumuno ng teritoryo. Kaya noong 1877 ay ibinigay na

titulo ng Punong Ministro ng Britanya na si Disraeli kay Reyna Victoria ng Britanya ang *Empress of India.*

Kaya nagpatuloy pa rin ang pagkontrol ng Britanya sa India hanggang sa magpatayo ito ng mga daanan, riles ng tren, sistema ng komunikasyon, irigasyon, paaralan at unibersidad dito. Ito'y nagbigay ng mabuti at di mabuting epekto sa India dahil una ito'y nakatulong sa pagbabago ng kanilang pangkabuhayan nguni't ang mga imprastrakturang nabanggit ay mas nakatulong ng lubusan sa pagpapabilis ng kalakalan at pagbibigay ng malaking kita sa bansang mananakop. Maraming mga




nasyonalistikong pinuno sa India ang naghangad ng mga reporma at tunay na paglaya sa Britanya sa pamamagitan ng kanilang pagtatatag ng *Indian National Congress* noong 1885. Nguni't anuman ang kanilang mga pagsisikap dahil nga sa malaking kapakinabangan sa ekonomiya ay patuloy pa rin itong kinontrol ng Britanya hanggang ika-19 na siglo.


**Pagharap ng Tsina sa mga Kanluranin**

Habang ang Britanya ay patuloy na pinatatatag ang Imperyo sa India ang ilang mga bansang Kanluranin ay nagpapatuloy naman ng paghahangad na mapasok ang kalakalan sa Tsina. Sa mahabang panahon ang Tsina ay pinamumunuan ng mga Emperador na nakatulong ng malaki upang mapatatag ang kabuhayan, lipunan at pulitika ng Tsina. Mayroon lamang limitadong kalakalan sa pagitan ng mga bansang Europeo at ng Tsina sa loob ng tatlong daan taon.




Noong ika-18 siglo ay nakakita ng pagkakataon ang mga British na mapasok ang kalakalan sa Tsina at malaking kita ang ibinigay nito sa kanila. Sa pakikipagpalitan ng tsaa, silk at porselana mula sa Tsina ay sinadya ng mga mangangalakal na British na huwag gumamit ng salapi sa palitan kundi nagpasimula silang magluwas ng *opyo* na nanggagaling sa India at Turkey. Nang ito'y malaman ng mga Tsino ay tinutulan nila ang patuloy na pagpasok

ng opyo sa Tsina nguni't naging daan ito sa pagtutol at pagsisimula ng isang digmaan noong 1839. Kinilala ang digmaang ito bilang *Opium War.* Nanalo ang mga British sa nasabing digmaan ng kanilang binomba ang Canton (Guangzho) at sa pamamagitan ng isang kasunduan na nilagdaan ng mga representante ng Britanya at pinunong Qing ng Tsina ay nagresulta ito ng pagbibigay sa kanila ng Hong Kong na maging bahagi ng kanilang imperyo. Ang pangyayaring ito'y naging daan para maghangad din ang iba pang mga bansa na magkaroon ng bahagi sa kalakalan sa Tsina. Sa pamamagitan ng mga di makatwirang kasunduan na ginawa ng iba't ibang bansa at pilitang pinalagdaan sa mga pinunong Tsino ay napagtibay na ang malaking bahagi ng Tsina ay mapailalim sa *spheres of influence.* Ang *spheres of influence* ay nangangahulugan ng mga lugar na kung saan ang isang dayuhang bansa ay mayroong eksklusibong karapatan na mangalakal o gamitin sa pangangalakal. Ang mga bansang nakinabang dito ay ang Britanya, Pransiya, Alemanya, Rusya at Hapon.




**Ang mga daungan ng kalakalan sa Tsina na naging bahagi ng mga di makatwirang kasunduan sa pagitan ng mga dayuhan at ng Tsina.**

Sa usaping ito ay naapektuhan ng malaki ang ina ng batang Emperador ng Tsina na si Tsu Hsi (Ci Xi) kaya minabuti niya na bumuo ng isang sekretong kilusan na maaring magpatalsik at magpabagsak sa mga dayuhang nanatiling nakikinabang sa yamang likas at nagsusulong ng ibang kabihasnan sa Tsina. Maraming mga nasyonalistikong Tsino ang sumama sa kilusan at naghangad ng paglaya sa mga dayuhang mananakop. Ginamit nila ang pamamaraan ng *martial arts* sa nabuoong kilusan sa pamamagitan ng boksing kaya nakilala sila bilang mga *boxers.* Tinugis at




pinatay nila ang mga dayuhan at maging ang mga Tsinong nakonberto sa pagiging Kristiyano. Mahabang panahon din ang nangyaring labanan at natalo lamang ang nasyonalistikong Tsino ng magsanib ng puwersa ang mga dayuhan upang sugpuin at lipulin sila noong ika-14 ng Agosto, 1900. Napilitang lumisan ang mga natira pang mga Tsinong *boxers* nguni't pinagbunyi naman sila ni Tsu Hsi (Ci Xi) sa kanilang ginawang katapangan. Nagpatuloy pa rin ang pamumuno ng Dinastiyang Qing nguni't ito'y sa suporta na ng mga dayuhan. Nakita at naramdaman ito ng malaking bahagi ng populasyon ng mga Tsino kaya inisip nila na di na makatwiran ang pamumuno ng Emperador Tsino. Naging sunud-sunuran na lamang ito sa mga dayuhan o nagsilbing papet ng mga dayuhan.

Pinaniniwalaan ng mga Tsino na kailangan na ang pagtatatag ng isang bagong republika. Ito ang isinulong ng Tsinong doktor na si *Sun Yat Sen* na pinaniniwalaang makakamit lang ang tunay na pagbabago sa pamamagitan ng isang Republika at tapusin na ang rehimen ng mga dinastiya.





Ang mga rebolusyonaryong Tsino na nagsusulong ng pagbabago ay bumuo ng isang kilusan na tinawag na *Guomindang (Kuomintang)* o isang nasyonalistikong partido. Sila'y nagpasimulang makipaglaban sa mga pangkat na naniniwala pa rin sa pagpapatuloy ng dinastiya at sila'y natalo ng mga ito. Taong 1908 ng mamatay ang *Empress Tsu Hsi (Ci Xi)* kaya naiwan ang trono sa dalawang taon na Prinsipe Pu Yi, (Xuantong) pamangkin ng Empress Tsu Hsi. Humingi ng tulong pinansiyal si Sun Yat Sen sa Amerika upang maipagpatuloy ng Partido Guomindang ang layunin na tapusin ang rehimen ng Dinastiyang Qing ng kanyang nabalitaan na ang mga sundalo ng imperyo ay sumanib na sa mga rebolusyonaryo kaya dali-dali siyang umuwi. Si Dr. Sun Yat Sen ang kauna-unahang naging pangulo ng Republika ng Tsina noong 1911.



**Modernisasyon ng Hapon**

Ang pakikipag-ugnayan ng Hapon sa mga dayuhang Europeo ay halos nagpasimula kaalinsabay ng sa Tsina. Pareho sa kaisipan ang Hapon at Tsina na di nila kailangan ang mga produktong galing sa mga bansang Europeo kaya mula sa ika-15 hanggang sa unang bahagi ng ika-18 siglo ay walang kalakalang naitatag sa pagitan ng mga bansa. Nguni't noong 1853, ang Amerikanong Commodore Matthew Perry ay dumaong sa Look ng Edo ( Tokyo) at hiniling na magkaroon ng kalakalan sa pagitan ng Amerika at Hapon. Ang Hapon ay pinamumunuan noon ng *Shogun.* Sa dahilang napag-alaman ng Shogun ang nangyaring digmaan sa pagitan ng Tsina at Britanya ay minabuti nito na pumayag na lamang sa mga kasunduan sa mga bansang Kanluranin. Kaya ang unang kasunduan na nilagdaan ng Shogun ay noong 1854 sa pagitan ng Hapon at Amerika. Nagsunuran na rin ang ibang mga bansa gaya ng Britanya, Pransiya, Olandiya, at Rusya sa pagtatalaga ng mga kasunduan sa kalakalan nguni't ang nilalaman ng mga ito ay karaniwang pabor sa mga nabanggit na bansa. Isang pangkat ng mga *samurai* (warrior class) sa Hapon ang nagtalaga sa bagong Emperador na si, Mutsuhito. Kinilala siya bilang Emperador Meiji ( Enlightened) kaya ang mga naging pinuno ng panahon na iyon ay tinawag ding *Meiji leaders.*




Sa pamumuno ni Emperador Meiji ay nagpasimula ang pagsisikap ng mga Hapones na bigyang sigla ang kanilang ekonomiya, magtatatag ng mga imprastraktura at industrialisasyon. Nagpasimula rin silang magpatayo ng mga paaralan na ang kurikulum ay ukol sa pang-mundong pakikipag-ugnayan nguni't nagbibigay diin sa mga mag-aaral na mananatiling tapat sa kanilang pinagmulan at bayan. Lumaki ang populasyon ng Hapon noong 1880 at naging positibo ito sapagka't ang populasyon ay ginamit na lakas paggawa upang magpatakbo ng mga industriyang itinatag. Taong 1914 ay itinuturing na itong isa industrialisadong bansa sa buong mundo.




Kinilala ang lakas at kapangyarihan ng Hapon ng sinakop nito ang Korea at naging kolonya ito. Natalo niya ang bansang Tsina sa Sino-Japanese War noong 1895 at sa pamamagitan ng Kasunduan sa Shimonoseki ay ipinagkaloob sa Hapon bilang bahagi ng kanyang imperyo ang Korea, Taiwan at mga isla ng Pescadores. Ang pagkatalo ng Tsina sa Hapon ay pagpapakilala ng paghina ng lakas ng Dinastiyang Qing. Nangangamba rin ang Hapon na magpatuloy ang pagpapalawak ng teritoryo ng Rusya kaya noong 1904 ay sopresang nilusob ng hukbong mandaragat ng Hapon ang Port Arthur, base naval ng Rusya sa Manchuria. Laking gulat ng marami ng manalo ang mga Hapon sa labanan kaya naipakita ng Hapon na kayang talunin ng isang Asyanong imperyo ang isang Kanluraning imperyo. Naging inspirasyon ito sa mga Asyanong nasyonalisitko na naghahangad ng kalayaan sa kamay ng mga dayuhang Europeo. Sa tuluyang pagiging bahagi ng teritoryo ng Hapon sa Korea noong 1910 ay lalo pa itong naghangad ng pagpapalawak ng kanyang teritoryo sa mga dumating pang 35 taon.

**Ang Timog-Silangang Asya**




Ang Timog Silangang Asya ay binubuo ng dalawang bahagi ang tinatawag na Mainland na binubuo ng mga bansang Thailand, Laos, Vietnam, Cambodia at Burma(Myanmar) at ang mga isla gaya ng Indonesia, Malaysia at Pilipinas. Ang mga Olandes ang unang nagtatatag ng kalakalan sa East Indies o ang Indonesia sa kasalukuyan. Sa panahong iyon ay napakinabangan ang mga hilaw na materyales na matatagpuan sa arkipelago gaya ng kape, paminta, cinnamon, asukal, idigo, tsaa, mga yamang mineral gaya ng copper at tin at ang mga matitigas na kahoy sa mga kagubatan. Upang lalong pakinabangan ang mga produktong ito ay itinatag ng Olandiya ang Dutch East Indies Company sa bahagi ng Timog Silangang Asya. Pinamunuan ng





mga Olandes ang East Indies sa mahabang panahon sa pamamagitan ng pagpapatupad ng puwersahang pagtratrabaho sa mga mamamayan sa mga plantasyon nila at karaniwang binabayaran sa mababang pasahod lamang.


Encarta Encyclopedia, Photo Researchers, Inc./Noboru Komine

Isang katutubong prinsipe ng isla ng Java na nagngangalang *Diponegoro*, ang nagpasimula ng isang pag-aalsa laban sa mga Olandes. Tumagal ng sampung taon ang labanan ngunit di ito nagtagumpay na pigilan ang pananakop ng Olandiya sa East Indies, ang isla ng Java sa kasalukuyan.

Ang Pilipinas ay sinakop naman ng mga Kastila na naglalayon ng pagpapalaganap ng Katolisismo at pangangalap ng mga yamang likas sa mga isla. Ang sistemang sapilitang paggawa ay pinatupad din at ang mga malalaking lupain ay inari ng mga Kastilang mayayaman na nanunungkulan sa Simbahan at pamahalaang Kolonyal. Hindi lamang ang pangkabuhayan ang pinakinabangan ng mga Kastila kundi ipinakilala rin nito ang kabihasnang Europeo na nagpabago sa pamumuhay ng mga Pilipino. Ang kanilang pananakop ay hinadlangan ng mga Propagandista na naglalayon ng mga reporma at kapantayan sa mga karapatan ng mga Pilipino sa mga Kastila. Nguni't ang mga Katipunero o rebolusyonaryong Pilipino ang nagpatuloy ng paghahangad na lumaya sa mga Kastila kaya isang malawakang rebolusyon ang inilunsad noong 1896.








Sina Dr. Jose Rizal at Andres Bonifacio ang mga bayaning Pilipino na nagpasimula ng pag-iisip sa kalayaan ng mga Pilipino laban sa mga Kastilang mananakop.

Ang namagitang labanan sa Espanya at Amerika ay naging dahilan sa pagwawakas ng pananakop ng mga Kastila sa Pilipinas sa loob ng 333 taon. Ang Amerika na nangakong tutulong sa Pilipinas upang maging malayang bansa ang naging panibagong mananakop naman nito. Nagtatatag ng mga pabrika, industriya at pamilihan ang Amerika sa Pilipinas upang makasiguro sa matatag na kalakalan sa dalawang bansa. Maging ang mga batas at ang pamahalaan ay inimpluwensiyahan din upang sa kapakinabangan ng mananakop.

Ang Mainland Asia ay sinakop naman ng Pransiya at Britanya na gaya rin ng kapwa mga bansang Europeo ay pinakinabangan ang yaman likas ng mga bansa dito at nagsilbing tagapagluwas ng mga hilaw na materyal na kailangan sa kanilang mga bansa. Ang pangkabuhayan, pulitika at lipunang pamumuhay ng mga tao ay inimpluwensiyahan nila na kapwa may positibo at negatibong idinulot.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kilalanin ang mga sumusunod na pangunahing Asyano na nagkaroon ng kaugnayan sa panahon ng pananakop ng mga dayuhang Europeo. Ilagay sa blangko sa kanan ang iyong sagot.

1. ______________________




2. ______________________







3. ______________________



**Tandaan Mo!**

- Ang Rebelyong Sepoy sa India ay naging upang magbago ng sistema ng pamamahala ang mga British sa India.
- Ang Boxer Rebellion sa Tsina ay inilunsad upang patalsikin ang mga dayuhang mananakop.
- Ang Panahong Meiji ang nagrestraktura ng pagbabago sa aspektong pangkabuhayan tungo sa industrialisasyon sa Hapon
- Ang mga yamang likas at mineral sa Timog Silangang Asya ang pangunahing salik sa pananakop ng mga bansang Europeo.



**Gawain 3: Paglalapat**

*Pagbibigay ng sariling opinyon*: Sa iyong palagay naging pakinabang ba o hindi ang nangyaring pananakop sa Asya? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________

**ARALIN 3**

**RESULTA AT EPEKTO NG IMPERYALISMO SA ASYA**



Nag-iwan ng mabuti at di mabuting resulta at epekto ang imperyalismo sa pamumuhay at pangkabuhayan ng Asya. Ilan sa mga ito ay ang pagiging pamilihan ng mga hilaw na materyal ng mga dayuhan at laglagan ng kanilang mga produkto; pagbubuo ng panggitnang pangkat ng tao sa lipunan; paglaganap ng sibilisasyong kolonyal; at modernisasyon ng mga lipunang Asyano.




Matapos ang Araling ito, inaasahan na magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makapagbibigay ng mga pangunahing resulta at epekto ng imperyalismo sa Asya;
2. Masusuri ang mga pangunahing resulta at epekto ng imperyalismo sa Asya;
3. Makapagbibigay ng sariling opinyon ukol sa resulta at epekto ng imperyalismo sa Asya; at
4. Makaguguhit ng larawan ukol sa resulta at epekto ng imperyalismo sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Halo Letra: Iayos ang mga salita na nasa loob ng sobre. Isulat ang iyong sagot sa ilalim.




________________________________________


Ang mahabang panahon ng pananakop ng mga Imperyong Europeo sa Asya ay naging daan sa pagkakaroon ng mga pamilihan paglalaglagan ng mga produktong galing sa mga bansang mananakop at pagkukunan ng mga hilaw na materyal na kailangan ng mga bansa sa pagbuo ng kanilang mga produkto. Nasanay ang mga Asyano sa paggamit ng mga produktong dayuhan kaya minabuti ng mga bansang mananakop na maglagay na rin ng mga pabrikang bubuo sa mga hilaw na materyal na galing sa mga kolonya. Ang natural na kapaligiran ng mga bansang Asyano ay unti-unting naubos at pinagkakitaan ng mga dayuhan. Malaking kita at pakinabang ang naibigay ng mga pamilihan sa antas ng ekonomiya ng mga Europeong bansa nguni't nanatiling nakatali ang ekonomiya ng mga kolonya dito. Nagpatayo ng mga imprastraktura ang mga mananakop upang maging mabilis ang pagdadala at pagluluwas ng mga produkto.


Dahil dito ay isinilang ang mga Asyanong naging mangangalakal o *middleman* ng mga produkto kaya sila ay umunlad din sa kanilang mga pamumuhay at nanatiling mga tagapagtaguyod ng mga batas na magpapatibay sa kolonisasyon. Sila ay mga nabigyan ng puwesto sa pamahalaan at ekonomiya kaya naging mahirap ang mga ginawang pag-aalsa ng ilang mga patriotikong Asyano sa dahilang sila'y hindi sumusuporta sa mga nasabing kilusan. Nais nilang manatili ang sistemang pinatatakbong direkto o di direkto sa pamamagitan nila ng mga dayuhan. Ang edukasyon ay naging instrumento rin para payapain ang mga Asyanong naghahangad ng pagbabago sa dahilang ang mga nakapag-aral na ito ang nagdala ng bagong mga ideolohiya tungo sa pagbabago sa kanilang mga bansa. Reporma ang kanilang sigaw samantalang ang mas nakakarami ay separasyon naman ang nais. Ang paghahati na ito ng antas ng uri ng mga mamamayan ay nagresulta sa dalawang sanga: ang pagtatatag ng nasyon-estado sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga batas at Saligang Batas o ang paglago ng dating bayan na pinanatili ang dating kalinangan bago dumating ang mga dayuhang mananakop.

Maging ang mga paniniwala, pilosopiya at pananampalataya ng mga Asyano ay pinalitan ng mga dayuhan kaya naging mabuti itong behikulo sa kanilang matagal na panahon ng pananakop.










Kapansin-pansin din ang agwat ng antas ng ekonomiya ng mga bansang dating kolonya at ang mga bansang mananakop. Mauunlad ang Britanya, Pransiya, Italya, Olandiya, Amerika at iba pang mga bansa sa Europa dahil sa malaking pakinabang na kanilang nakuha sa panahon ng kanilang mga pananakop. Ang salungatan sa mga prinsipyo at pagkakaroon ng iba't ibang antas ng tao sa lipunan ay di lubusang naging daan para paunlarin ang kabuhayan ng mga bansang Asyano.

Nguni't ang liberal na mga kaisipan ay nakatulong sa pagpukaw ng damdaming makabayan o nasyonalismo sa mga bansang Asyano. Ito ang naging simula ng pagbubuo pa ng mga kilusang nasyonalismo na naglalayong magpalaya ng mga bansang Asyano sa kamay ng mga dayuhan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gumuhit ng isang larawan na sa iyong palagay ay naging pang-matagalang epekto at resulta ng pananakop ng mga dayuhang Europeo sa mga bansang Asyano. Ilagay ito sa malaking bilog sa ibaba.



**Tandaan Mo!**

- Nag-iwan ng epekto at resultang positibo at negatibo ang pananakop ng mga dayuhang Europeo sa mga bansang Asyano.
- Ang pagkakaroon ng pamilihang laglagan ng mga produktong dayuhan, pagpapatatag ng ekonomiya ng mga bansang mananakop, pagkakaroon ng panggitnang uri ng mga mamamayan sa lipunan at pagbabago ng mga lipunang Asyano ang ilan sa mga epekto ng imperyalismo.
- Nag-iwan ng liberal na ideya sa mga Asyano ang panahon ng Imperyalismo na naging instrumento sa pagbubuo ng mga Kilusang Nasyonalismo.




**Gawain 3: Paglalapat**

Gumawa ng isang maikling sanaysay ukol sa epekto at resulta ng kolonyalismo sa lipunang Asyano. Maaari itong isulat sa inyong mga kuwaderno.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?
- Ang imperyalismo ay nangangahulugan ng dominasyon ng isang makapangyarihang nasyon-estado sa aspektong politika, pangkabuhayan at kultural na pamumuhay ng isang mahina at maliit na nasyon-estado.
- Ang tatlong pangunahing anyo ng imperyalismo ay ang: *colony*, direktang pinamamahalaan ng imperyalistang bansa ang kolonya; *protectorate,* ang imperyalistang bansa ay nagbibigay direksiyon sa patakarang panlabas at pamahalaan ng kolonya at ang *sphere of influence*, ang isang rehiyon ng bansa ay eksklusibong may pamumuhunan o *trading rights* ang imperyalistang bansa.
- Ang Rebelyong Sepoy sa India ay naging upang magbago ng sistema ng pamamahala ang mga British sa India.
- Ang Boxer Rebellion sa Tsina ay inilunsad upang patalsikin ang mga dayuhang mananakop.
- Ang Panahong Meiji ang nagrestraktura ng pagbabago sa aspektong pangkabuhayan tungo sa industrialisasyon sa Hapon.
- Ang mga yamang likas at mineral sa Timog Silangang Asya ang pangunahing salik sa pananakop ng mga bansang Europeo.
- Ang pagkakaroon ng pamilihang laglagan ng mga produktong dayuhan, pagpapatatag ng ekonomiya ng mga bansang mananakop, pagkakaroon ng panggitnang uri ng mga mamamayan sa lipunan at pagbabago ng mga lipunang Asyano ang ilan sa mga epekto ng imperyalismo
- Nag-iwan ng liberal na ideya sa mga Asyano ang panahon ng Imperyalismo na naging instrumento sa pagbubuo ng mga Kilusang Nasyonalismo.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Isang katutubong prinsipe mula sa isla ng Java na nanguna sa pag-aalsa laban sa mga Olandes
   A. Diponegoro
   B. Kukulkan
   C. Ibarro
   D. Nakamura

2. Gobernador o kinatawan ng mga maharlika na nangangasiwa sa East India Company
   A. Ministro
   B. Hari
   C. Viceroy
   D. Pangulo

3. Amerikanong commodore na nakipagkasundo sa Shogun na Hapon upang buksan ang kalakalan sa pagitan ng Hapon at Amerika
   A. Henry Wainright
   B. Matthew Perry
   C. George Dewey
   D. Douglas MacArthur

4. Ang mga sumusunod na bansa ay naging pangunahing mananakop sa mga bansang Asyano maliban sa
   A. Portugal
   B. Espanya
   C. Britanya
   D. Sweden

5. Siya ay kinilalang Enlightened Emperor sa Hapon
    A. Naruhito
    B. Hirohito
    C. Matsukuhito
    D. Mustsuhito

6. Ang huling hari ng Dinastiyang Qing
    A. Meng Fei
    B. Pu Yi
    C. Ba Ma
    D. Chu Qing

7. Empress Dowager ng Tsina na sumuporta sa kilusan laban sa mga dayuhang mananakop
    A. Li Yi
    B. Chi chi
    C. Ci Xi
    D. Li Po

8. Mga sundalo sa India sa panahon ng pananakop ng mga British na nag-alsa dahil sa pagsisimulang pagbabago ng kultural na aspeto ng lipunan
    A. Sepoy
    B. Sikh
    C. Hindus
    D. Hathor

9. Kasunduan na naging daan sa pagiging kolonya ng Pilipinas sa mga Amerikano
    A. Kasunduan sa Shimoneseki
    B. Kasunduan sa Paris
    C. Kasunduan sa Vienna
    D. Kasunduan sa Ghent

10. Unang naging kolonya ng pananakop ng Hapon
    A. Macau
    B. Mongolia
    C. Hong Kong
    D. Korea

11. Digmaan naging daan ng pagbubukas ng mga daungan sa kalakalan ng Tsina para sa Britanya
    A. Morphine War
    B. Shabu War
    C. Opium War
    D. Flower War

12. Kilalang tawag sa bumubuo sa sikretong organisasyon ng mga Tsino na ang layunin ay patalsikin ang mga dayuhan sa Tsina
    A. Taekwendo masters
    B. Boxers
    C. Kung Fu
    D. Tai Chi

13. Isang simpleng proseso ng pagpupunyagi ng mga malalakas at malalaking nasyon-estado na dominahan, sakupin at gamitan ng lakas ang mga mahihina at maliliit na nasyon-estado
    A. Imperyalismo
    B. Kolonyalismo
    C. Nasyonalismo
    D. Komunismo

14. Unang president eng Republika ng Tsina
    A. Mao Xe Dong
    B. Sun Yat Sen
    C. Chiang Kai Shek
    D. Deng Xiao Ping

15. Teoryang pinalaganap ng mga Ingles sa paniniwalang patataasin nila ang antas ng sibilisasyon ng mga kolonya
    A. Ethical Policy
    B. Civilizing Mission
    C. Culture System
    D. Propaganda

16. Teritoryo na direktong pinangangasiwaan ng isang imperyalistikong bansa
    A. Protectorate
    B. Colony
    C. Sphere of Influence
    D. Civilizing mission

17. Empress ng India
    A. Victoria
    B. Elizabeth
    C. Margaret
    D. Diana

18. Ang mga sumusunod na bansa ay naging bahagi ng sphere of influence sa Tsina maliban sa
    A. Rusya
    B. Britanya
    C. Norway
    D. Hapon

19. Sa pagwawagi ng Hapon sa labanang Russo-Japanese War ang mga sumsunod na teritoryo ay naging bahagi ng kanyang imperyo maliban sa

A. Burma
B. Korea
C. Pescadores
D. Manchuria

20. Kolonya na may sariling pamahalaan nguni't tinutulungan at indirektong pinangangasiwaan ng bansang mananakop

A. Sphere of Influence
B. Protectorate
C. Colony
D. Civilizing Mission



## GABAY SA PAGWAWASTO

### PANIMULANG PAGSUSULIT

1. B
2. B
3. D
4. A
5. B
6. C
7. A
8. C
9. D
10. A
11. C
12. A
13. C
14. B
15. C

### PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

1. A
2. C
3. B
4. D
5. C
6. B
7. C
8. A
9. B
10. D
11. C
12. B
13. A
14. B
15. B
16. B
17. A
18. C
19. A
20. B